# Modyul Blg. 6
# Mga Bagay na Nakaimpluwensiya kay Dr Jose Rizal upang Isulat ang Nobelang Noli Me Tangere



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahal kong Mag-aaral,

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Inihahandog ko sa iyo ang modyul na ito. Tumatalakay ito sa pagsusuri ng nobelang Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal. Isa itong paraan upang mapaunlad at mapayaman mo ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pagbasa at pagsulat.


Mapag-aaralan mo dito ang mga dahilan kong bakit isinulat ang nobela at anu-ano ang mga bagay na nakaimpluwensiya sa may-akda upang talakayin ang mga paksang nagbigay-buhay sa akdang nabanggit.



## Ano ang matututunan mo?

Ang layuning panlahat ng modyul na ito ay:

Napauunlad at napayayaman ang karanasan sa pamamagitan ng akda upang makapagpalawak ng kaisipan at pananaw sa buhay.



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay patnubay mo sa iyong sariling pagkatuto. Kagamitan mo ito bilang gabay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang paggamit nito, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga tuntuning dapat mong sundin.

Huwag kang mabahala, simple lamang ang mga ito.

1. Sagutin mo ang Panimulang Pagsubok.
   Layunin nitong masukat ang lawak ng kaalaman mo sa paksa.

2. Iwasto mo ang iyong mga sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Kung magkaroon ka man ng maraming mali, okay lang iyon. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mo ang mga aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawaing inihanda. Mababasa mo kung paano mo gagawin ang mga ito.
4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Pagkatapos, iwasto mo ang iyong sagot, gamit ang Susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Mag-isip ka nang mataman bago mo sagutin ang mga tanong. Huwag mo itong susulatan. Gumamit ka ng sagutang papel o notebuk.

Dapat mong pahalagahan ang isang kaibigang nagmamalasakit tulad ng modyul na ito.



## *Ano na ba ang alam mo?*

A. Panuto: Piliin ang letra ng salitang dapat gamitin sa pangungusap.

1. Nagkaroon ng _____ na lupain dito sa Pilipinas ang mga Paring Kastila dahil sa pangangamkam.
   a. maluluwang c. malalawak
   b. malalapad d. matataas

2. Ang kutis ng mga Kastilang babae ay _____ dahil hindi nagtatrabaho ang mga ito:
   a. maputi c. malinis
   b. mapusyaw d. makinis

3. Ang buhay ng mga Pilipino ay ______ nang hindi pa dumarating ang mga mapang-abusong dayuhan.
   a. mapayapa c. maswerte
   b. matahimik d. lahat ng nabanggit

B. Panuto:Piliin sa loob ng kahon sa dakong ibaba ang letra ng salitang tinutukoy sa bawat pahayag.

__________4. Sila ang mga itinuturing na higit na makapangyarihan kaysa sa pamahalaan noong pananakop ng mga Kastila sa bansa.
__________5. Ito ang nagpapalawak nga kapangyarihan ng Espanya sa daigdig.
__________6. Siya ang pangunahing tauhan sa nobelang Noli Me Tangere ni Rizal

| | | |
|---|---|---|
| Ibarra | eksplorasyon | pagnenegosyo |
| Simoun | frayle | Kapitan Heneral |

C. Panuto: Piliin sa Hanay B ang letra ng salitang tinutukoy sa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 7. Uri ng lipunang umiiral sa panahon ng pananakop ng mga Kastila | a. kahirapan |
| | b. magulo |
| | c. kamangmangan |
| 8. Isa ito sa malaking sakit ng lipunan na idinulot ng labis na kasakiman ng mga frayle. | d. kawalang-hustisya |

D. Panuto: Lagyan ng ✓ (tsek) ang patlang kung ang pahayag ay nagbibigay ng wastong kaisipan at ✕ (ekis) kung hindi.

_________ 9. Ang anumang bagay na di iyo ay di mo dapat angkinin.
_________ 10. Lahat ng bagay na galing sa masama ay di magbubunga ng mabuti.

# II. Aralin 1. Pangyayari sa Kasaysayan na Naging Daan Upang Maisulat ang Nobelang, "Noli Me Tangere" ni Dr. Jose Rizal, "Abuso ng Mga Frayle"

## A. Anu-Ano ang Mga Tiyak Mong Matututunan?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.


1. Nasasabi ang bisa ng ginawang pamimili ng salita sa pagbubuo ng akda
2. Nasusuri ang akda batay sa isang tiyak na bahagi ng kasaysayan ng bansa
3. Naihahanay ang akda sa mga tiyak na isyung panlipunan batay sa ispesific na panahon.
4. Nailalapat ang mga tiyak na kaalaman tungkol sa kasaysayan ng panitikan sa pagsusuri ng akda sa lokal na kasaysayan
5. Natutukoy at naipaliliwanag ang kasamaang naidudulot ng panglalamang/pang-aabuso sa kapwa
6. Naisusulat ang isang talata tungkol sa mga paraan upang maiwasan ang pang-aabuso ng kapwa

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin Mo…**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon sa dakong ibaba ang pangalan ng lider na namuno sa mga pag-aalsang nabanggit.

1. Pag-aalsa laban sa ilegal na pangungulekta ng buwis o tributo ng mga Kastila na naganap noong 1596 sa Cagayan.
2. Pag-aalsa noong 1660 sa Pampanga dahil sa puwersahang pagbabayad ng buwis ng inaaning bigas at pagputol ng mga puno upang gamitin sa paggawa ng mga galleon.
3. Pag-aalsa laban sa anomalya ng pagbabayad ng buwis sa lupa na naganap noong 1762 sa Vigan, Ilocos Sur.
4. Dahil sa ilegal na pangungulekta ng buwis, nag-alsa ang mga Pilipino laban kay Juaquin Gamboa Alcalde ng Binalalongan, Pangasinan.
5. Nangyari ang pag-aalsang ito, dahil nagalit ang mga tao sa di makatarungang paniningil ng buwis. Naganap ito noong 1574 sa Maynila.




Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang pagsasanay na sinagot mo ay may malaking kaugnayan sa tekstong babasahin mo.

2. **Basahin Mo…**

Ang sumusunod na teksto ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa pang-aabuso ng mga frayle sa mga Pilipino

Handa ka na ba?

Sige, simulan mo na.

Hindi maikakaila nang lahat na malaking bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas noong Panahon ng Kastila ay hinubog ng mga Paring Kastila. Lutang na lutang sa malaking panahong iyon ang mga pang-aabuso. Isa na sa mga ito ay ang malawakang pangangamkam ng lupa mula sa mga katutubo. Tinatayang isa rin ito sa mga makabuluhang karanasang nagtulak kay Dr. Jose P. Rizal upang mabuo ang nobelang Noli Me Tangere.

Ang ganitong uri ng kalakaran noong kapanahunan ni Rizal ay maaaring isa sa nagbunsod sa kanya na isulat ang nobelang, "Noli Me Tangere". Kung pakasusuriin, bagama't hindi hayagang inilarawan, lutang na lutang sa maraming kabanata ang kasamaan ng mga frayle, ang pagtatamo nila ng walang kahulilip na kaligayahan.

## ABUSO NG MGA FRAYLE

Bakit nga ba nagkaroon ng malalawak na lupain ang mga paring Kastila dito sa Pilipinas gayong sila ay hindi naman tubo rito sa atin? Paano sila nagkaroon ng mga asyenda at ekta-ektaryang lupa?

Sa nangyaring pagpapalawak ng lupa ng mga paring Kastila. Isa-isahin natin ang konseptong nakapaloob dito.

1. Bago dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, walang malalapit na pamayanan ang mga katutubo. Ang karamihan ay nakatira sa malalawak na lupain ng mga kagubatan. Walang tunay na nagmamay-ari ng lupa. Walang papel na pinanghahawakan ang lahat.

2. Dala ng mga pasakit na dulot ng mga mananakop, umiral ang pailan-ilang rebelyon. Upang maiwasan ito, kailangang mabigyan ng aral ang mga katutubo. Kailangang malapit sa paningin ng mga pari ang mga tao. Hindi naman sila makapunta sa mga ito sapagkat natatakot sila sa mga rebelde.

a taong bayan na mapalapit sa kanila, nagtayo sila ng mga simbahan. Inaralan ang mga tao na dapat ay magtungo sila rito. Ipinakita rin ng mga prayle sa mga tao ang kagandahan ng pagtira sa kabayanan. Sanhi nito, naakit ang mga katutubo.

2. Naakit ang mga katutubo. Nagtayo sila ng bahay sa kabayanan. Subalit kailangan nilang mabuhay. Bumabalik sila sa kanilang mga lupa upang magtanim. Bumabalik din sila sa kanilang mga bahay sa bayan pagkatapos.

3. Nakita ng mga pari ang lawak ng mga lupain ng mga katutubo. Nasilaw sila sa mga

4. ito. Gumawa sila ng paraan upang magkaroon ng isang batas na nagbabawal sa sino mang nasa loob ng bayan na lumabas. Ang sino mang sumuway rito ay ituturing na taong labas at uusigin.

5. Tanging mga frayle lamang ang pinahihintulutang makalabas ng bayan. Kasama rin dito ang kanilang mga tauhan. Sanhi ng nabanggit na batas, napabayaan ang mga malalawak na lupain.

6. Muling gumawa ng batas. Inilalagay sa kamay ng mga frayle ang pamamahala sa napabayaang malawak na lupain. Ito ang siyang naging sandigan ng pagkakaroon ng mga lupain ng mga orden ng pari sa Pilipinas.

Hango sa : "Ang Noli Me Tangere"
(ni Dr. Jose P. Rizal)
ni Dr. Arturo s. Cabuhat
Leo-Ross Publication, 2001

**3. Linangin Mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

Pamimili ng Salita

Mahalaga para sa isang awtor na matutong mamili ng salitang gagamitin sa kanyang isusulat na akda. May mga salitang magkakapareho ang kahulugan subalit hindi lahat ay angkop gamitin sa isang sitwasyon.

Magiging epektibo ang isang pangungusap kung gagamitan ng angkop sa salita. Nagagawang ipadama ng awtor sa mga mambabasa ang damdamin at

kaisipang napapaloob sa kanyang akda kapag angkop ang napili niyang salita na gamitin sa kanyang akda.

Halimbawa, ang mga salitang *mataas*, *matangkad* at *matayog* ay pare-parehong nangangahulugan ng *taas*. Subalit may kani-kaniyang wastong gamit ang mga ito. Ginagamit ang salitang *matangkad* upang ilarawan ang *tao*, *matayog* upang ilarawan ang *pangarap* o *ambisyon*, at *mataas* naman upang ilarawan ang *gusali*, *puno* atbp.

Panuto: Lagyan ng ✓ (tsek) ang patlang sa bawat pahayag kung angkop ang salitang may salungguhit sa loob ng pangungusap.

______ 1. Walang kahulilip ang <u>kasiyahan</u> ng mga Pilipino sa gitna ng tinatamasa nilang biyaya ng lupang kanilang sinasaka.

______ 2. Si Dr. Jose Rizal ay namumuhay nang maligaya sa <u>tahanang</u> punung-puno ng pagmamahal.

______ 3. Ang <u>matatabang</u> lupain ay tila ginto na umaakit sa mga frayle upang kamkamin.

______ 4. Ang mga <u>pandak</u> na punongkahoy ay pinapapatay ng mga frayle. Wala raw pakinabang ang mga ito.

______ 5. Nakakasilaw ang <u>kislap</u> ng araw.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Piliin sa loob ng dayagram ang sakit ng lipunan na malinaw na makikita sa mga sumusunod na pahayag batay sa binasang teksto.


1. Dahilan sa di mabuting pamamahala ng mga frayle sa nasasakupan nilang bayan, nagkaroon ng malawakang pag-aalsa ang mga Pilipino.

2. Lahat ng mga iniuutos ng frayle ay bulag na sinusunod ng mga relihiyosong Pilipino.

3. Pilit na pinaaalis ng mga frayle sa lupang kanilang sinasaka ang mga Pilipino kapag nakita ng mga ito na maunlad na ang lupa.

4. Ang mga inaaning pananim ng mga Pilipino sa kanilang lupain ay sapilitang kinukuha ng mga frayle, kung bayaran man ay sa napakababang halaga.

5. Kapag hindi ibinigay ng mga magsasaka ang kanilang lupain, kakasuhan sila ng mga frayle ng kasalanang di nila ginagawa.




Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

> Ang isang akda ay isinisilang sa isang tiyak na lipunan sa isang tiyak na panahon. Maliwanag na masasalamin dito ang kasaysayan ng lipunang pinagmulan ng akda.

Panuto: Bilugan ang bilang ng pahayag na nagpapatunay na ang akdang binasa, "Mga Pangyayari sa Kasaysayan na Naging Daan Upang Maisulat ang Nobelang Noli Me Tangere, ni Dr. Jose Rizal" ay naganap noong pananakop ng mga Kastila.

________ 1. Pagsilang ng Katolisismo sa bansa
________ 2. Pagbibigay ng edukasyon sa mga mamamayan
________ 3. Paghahari ng mga pamahiin at mga paniniwala tungkol sa relihiyon
________ 4. Paglaganap ng mga pamahiin at mga paniniwala tungkol sa relihiyon
________ 5. Pagkakaroon ng katarungang panlipunan

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Kung ang mga nakalarawang bagay ay nais mong makamit subalit kulang ka naman sa kakayahan na makuha ito, ano ang gagawin mo?


| pera | edukasyon | kagamitan | bahay at lupa |
|---|---|---|---|

Panuto: Isulat ang T sa patlang kung ang pahayag ay nagmumungkahi ng positibong paraan at M kung ang pahayag ay nagmumungkahi ng negatibong paraan.

1. Magkakatrabaho ako
2. Mag-iipon ako
3. Mangungutang ako
4. Manghihingi ako
5. Magtitipid ako
6. Huhulugan ko ito
7. Kukunin ko ito nang sapilitan
8. Magmamakaawa ako
9. Magdarasal ako
10. Hihiramin ko ito

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Bumuo ng tiyakang pag-uugnay sa mga pangyayari sa lipunang Pilipino sa panahon ng pananakop ng mga Kastila batay sa mga sumusunod na kaisipan. Piliin sa dakong ibaba ang letra ng pahayag na dapat ipuno sa dayagram upang mabuo ang ugnayan. (Ugnayang sanhi at bunga)



a. Sagana sa likas na yaman ang bansa
b. Pinapatay ang mga tumututol sa patakaran ng mga pinunong Kastila
c. Sinakop ang bansa
d. Ginamit ang relihiyon upang magawa ang lahat ng naisin ng mga frayle
e. Naggagandahang Pilipina
f. Nilapastangan ang mga Pilipina
g. Nagnais ng reporma ang mga Pilipino
h. May mabuting klima ang bansa
i. Ninakaw ang kabang yaman ng bansa
j. Inalipin ang mga Pilipino
k. Matataba ang lupang sakahan ng bansa
l. Nabuksan ang isipan ng mga Pilipino sa pagsasamantala ng mga Kastila
m. Masisipag ang mga Pilipino
n. Naantig ang damdaming makabayan ng mga Pilipino
o. Naghimagsik ang mga Pilipino

**5. Gamitin Mo…**

Panuto: Pagtapat-tapat
Piliin sa Hanay B ang mga bagay na maaari mong gawin sakaling inabuso ang iyong mga karapatan tulad ng mga nasa Hanay A.

Hanay A

_____1. Akusahan ka sa isang kasalanang di mo naman ginawa. Ang layunin nito ay upang gumanti lamang sa iyo.
_____2. Ninakaw sa iyo ang isang bagay na mahalaga at pinaghirapan mo
_____3. Pinagtatrabaho ka ng di sapat ang kabayaran at mahigit sa 8 oras
_____4. Binabayaran ka upang pasamain ang kapwa mo.
_____5. Ginagamit ang mga salita ng Diyos upang takutin ka

Hanay B

a. Magsusuplong ako sa mga pulis. Magtitiwala ako sa batas.
b. Hihingi ako ng tulong sa Kagawaran ng Paggawa.
c. Magdarasal ako upang bigyan ng kaliwanagan ang isip ko.
d. Patutunayan ko na ako ay walang kasalanan. Maglalabas ako ng mga patunay o ebidensya.
e. Di ko tatanggapin ang anumang kabayaran. Magsasabi ako ng totoo.
f. Tatahimik ako. Baka madamay pa ako.

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

6. **Sulatin Mo…**

Panuto: Ayusin mo ang mga salita upang mabuo ang mga pahayag na may kaugnayan sa kaisipan ng araling tinalakay

Isulat mo ito sa isang buong papel.

1. "mang-aalipin paaalipin walang walang sa bayang…"

2. "na puno kalusin kung salop ang na…"

3. "natutulog hindi gabi ninuno lahat ay sa ng mga ating…"

4. "panahon hindi lahat tao ng sa maloloko ang lahat…"

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

7. **Lagumin Mo…**

Panuto: Buuin ang pahayag sa pamamagitan ng paglalagay ng ✓ (tsek) sa mga angkop na kaisipan.

1. Matapos kong pag-aralan ang aralin, nakadama ako ng ___________.
______ a. paghihimagsik laban sa mga mapang-aping dayuhan.
______ b. pagkaawa para sa mga biktima ng kawalang-hustisya.
______ c. pagpapasalamat dahil hindi ako nadamay sa nakalulunos na karanasan ng mga kapwa ko Pilipino noong panahon ng pananakop.
______ d. pagkainis dahil sa kamangmangan ng mga Pilipino noon.
______ e. pagmamalaki dahil ako ay Pilipino

2. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, nalaman ko na _____________.
______ a. Kaya pala halos pag-aari na ng mga Kastila ang malalawak na lupain ng bansa dahil nakamit nila ito dahil sa pangangamkam.
______ b. Magiging matuwid pala ang buhay kapag pikit-matang sinunod natin ang ipinag-uutos ng relihiyong kinabibilangan natin.
______ c. Kapag nakaranas tayo ng kalupitan, dapat na ilagay natin sa ating kamay ang batas
______ d. Kapag magkakaisa lamang sa mithiin, tiyak na makakamtan ito.
______ e. Tunay na mapagmahal sa kalayaan ang ating mga ninuno.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

8. **Subukin Mo…**

Panuto: Piliin sa loob ng kahon sa dakong ibaba ang letra ng tamang sagot sa bawat bilang.

1. Mahalaga ito upang mapatunayan mo ang iyong pag-aari ng isang bagay.

2. Ito ang nangangalaga sa iyong mga karapatan.

3. Isa ito sa malawakang dahilan ng kaguluhan sa isang lugar.

4. Katumbas ito ng buhay.

5. Karaniwang ginagawa ito upang makamtan ang isang bagay na ninanais ng mga mamamayan.

| | |
|---|---|
| a. paghihimagsik / rebelyon | d. batas |
| b. dokumento | e. pangangamkam ng lupa |
| c. kalayaan | f. kayamanan |

## 9. Paunlarin Mo…

Sinasabing ang mga pari ay tagapagpalaganap ng mga salita ng Diyos.

Batay sa pahayag, anu-ano ang dapat na maging katangian ng mga pari?

Panuto: Piliin mo sa loob ng kahon.



Larawan ng Pari

a ________

b ________

c ________

d ________

e ________

a. modelo sa kalinisan ng pagkatao
b. namumuhay nang simple
c. hindi nakikihalubilo sa tao
d. may malinis na puso
e. dapat na ituring na Diyos dito sa lupa
f. kasimbanal ng Diyos

# III. Aralin 2. Pagsibol ng Simulain ng Paglaya, Pagkakapantay-pantay at Pagkakapatiran

## A. Anu-Ano ang Mga Tiyak Mong Matututunan?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyang-reaksyon ang pagkakagamit ng mga salitang may likas na pinagmulan. (etimoloji)

2. Nasusuri ang akda batay sa mga umiiral na pilisopiyang pandaigdig.

3. Naiisa-isa/naipaliliwanag ang mga kamalayang panlipunang inilahad sa teksto sa pandaigdig na kasaysayan.

4. Natutukoy ang kahalagahan ng kalayaan, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran.

5. Naisusulat ang talatang nagpapaliwanag ng kaisipang napapaloob sa ilang piling pahayag.

Ang pagsasanay na iyong sasagutin ay may kaugnayan sa tekstong babasahin mo.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin Mo…**


Napakahalaga ng kalayaan sa pag-unlad ng isang tao o ng isang bansa. Sa napakaraming kasaysayan ng bansa, natamo nila ang kalayaan sa madugong paraan. Bihirang-bihira ang bansa na nakamit ang kalayaan sa mapayapang paraan. At ito ang maipagmamalaki nating mga Pilipino, tayo lamang bansa sa daigdig ang nagkamit ng kalayaan sa mapayapang paraan.


Panuto: Piliin sa Hanay B ang larawang kaugnay ng salitang nasa Hanay A.

Hanay A


1. kalayaan
2. pagkakaisa
3. pagkakapantay-pantay
4. pagkakapatiran
5. kapayapaan


Hanay B






Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa guro mo.

Matapos mong sagutin ang Pagsasanay, handa ka na upang basahin ang teksto.

Ang sinagot mong pagsasanay ay may malaking kaugnayan sa babasahin mong teksto.

2. **Basahin Mo…**

Naging mapalad si Dr. Jose Rizal sapagkat siya ay pinagpalang makarating sa Europa sa panahong ang pagpunta roon ay isang panaginip lamang sa mga mamamayan ng Pilipinas. Sanhi ng ganitong kapalaran, si Dr. Rizal ay pinagpala ring magkaroon ng mga kaalamang tumutukoy sa prinsipyo ng kalayaan. Naging saksi siya sa mga pangyayaring naging batayan sa pagtatamo ng mga makabagong kaisipan.
Mga kaisipang kailangan ng mga mamamayan ng Pilipinas upang makaahon sa pagkaalipin.

Mapanuri si Dr. Rizal. Nagsama-sama ang mga alipin sa Francia at dala ng kanilang pagkakaisa ay lumaya sa pagkaalipin. Ang mga makabagong pilosopiyang lumulutang sa Europa ay mga pilosopiyang sandigan din ng hinihinging paglaya ng kanyang bansa. Ang mga pilosopiyang hindi na isang panaginip kundi isang katotohanang maaari nang matamo. Subalit tulog pa rin ang kanyang mga kababayan. Nagbabago na ang kanilang paligid ngunit wala pa rin silang pakialam. Ito marahil ang nag-udyok sa kanya upang ilagay na paksa sa kanyang nobela ang pilosopiya ng libertaryanismo.

Ang sumusunod ay ilang kaalamang may kaugnayan dito

A. Himagsikan sa Francia

Isang monarkiya ang Francia. Ang pamahalaan ay pinamumunuan ng mga hari at reyna. Lutang na lutang ang kaginhawahang tinatamasa ng mga dugong bughaw na tila baga sila lamang ang may karapatang maging isang marangal na mamamayan. Subali't lutang na lutang din ang paghihirap na dinaranas ng higit na nakararaming mga mamamayan. Iyong mga taong siyang naghihirap para lalong yumaman ang mga mamamayan. Sila iyong mga walang lupa ngunit alipin ng lupa. Sila iyong walang sapat na maibayad na buwis subali't patuloy na binubuwisan. Sila ang mga taong pinagpapasasaan ng pamahalaan at simbahan. Ito ang dalawang sektor na nagsilbing karit ng kamatayan ng mga taong nasa mababang uri.

Nagutom ang taong-bayan. Naghirap sapagka't wala ng maibayad ng buwis. Nagkaisa. Lumaban. Naglunsad ng malawakang rebelyon. Hindi nagsipagbayad ng buwis. Itinigil ang paglilingkod sa mga mapang-aping panginoon ng lupa. Ang mga kababaihan ay nagmartsa sa Versailles upang himingi ng pagkain. Kinumpiska ang mga malalawak na lupain ng simbahan. Lumaya sa pagkakaalipin ang mga magsasaka. At sa sama-samang lakas ng mga mamamayan ay nabuwag ang kapangyarihan ng hari. Si Haring Louise XVI at ang kanyang asawang si Marie Antoinette ay ginarote sa harap ng mga nagbubunying mamamayan – simbolo ng pagwawagi ng mga maralita laban sa mapang-aping pwersa ng mga mamamayan.

B. Pagsibol ng Kaisipang Libertad, Equalidad at Fraternidad

Iisa ang naging sigaw ng mga mamamayan sa Francia noong panahong iyon. Ito ay ang "lahat ng tao sa Francia ay pantay-pantay", Dito sumilang ang prinsipyo ng equalidad. Ang simulang ito ang higit na nagtulak sa mga maralita na mag-aklas. Sila na nagbubungkal ng lupa at gumagawa ng yaman ay patuloy na naghihirap samantalang ang mga mamamayang walang pawis na pinatutulo ay labis na yumayaman. At sanhi ng kanilang mithiin ay umiral ang prinsipyo ng fraternidad o pagkakapatiran. Nasa matibay na pagtutulungan ang sandigan ng kanilang pagtatagumpay. Pagtatagumpay na ang tanging mithiin ay ang lumaya. Ang simulain ng libertad ang nagtulak sa kanila upang magbangon.

C. Pagbubukas ng Suez Canal

Kalat na kalat na ang mga bagong kaisipan sa Europa. Noong una, totoong mahirap itong makarating sa Pilipinas dahil na rin sa aspektong heograpiya. Malayo ang Pilipinas sa Europa. Isang taon ang paglalakbay. Subali't ito ay noong hindi pa binubuksan ang Suez Canal. Sanhi ng pagbubukas ng nabanggit na Canal, posible ng makarating nang mabilis sa bansa ang pagbabagong nagaganap sa Europa.

Hango sa: "Noli Me Tangere, Isang
Pampanitikan Pagtingin;"
ni A. Cabuhat Leo – Ross Publication

**3. Linangin Mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

| Pinagmulan ng Salita (Etimoloji) |
|---|
| Mahalaga para sa isang mambabasa na malaman ang likas na pinagmulan ng isang salita na ginamit sa akda o teksto na kanyang babasahin. Makatutulong ito upang lubusan niyang maunawaan ang kaisipan o mensaheng nais iparating ng akda. |

Ang mga salitang *libertad*, *equalidad*, *fraternidad*, *rebelyon* at *prinsipyo* ay pawang nagmula sa salitang Kastila.

Panuto: Piliin at isulat mo ang letra ng salitang salin sa Filipino ng mga salitang sinalungguhitan na ginamit sa mga sumusunod sa pangungusap. Isulat mo ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Nais ng mga mamamayan sa Francia na magkaroon ng pagbabago sa pamahalaan. Dito sumilang ang mga prinsipyo ng <u>libertaryanismo</u>.

2-3. Ang <u>prinsipyo</u> ng libertad ay nagtulak sa mga mamamayan na isulong ang isang <u>rebelyon</u> upang matamo nila ang minimithing kalayaan.

4. Nais ng mga mamamayan sa Francia na mamuhay nang pantay-pantay ang lahat kaya't sumilang ang prinsipyo ng <u>equalidad</u>.

5. Maraming mamamayan ang naghihirap noon sa Francia habang ang iba ay patuloy sa pagyaman. Dito sumilang ang prinsipyo ng fraternidad.


| | | |
|---|---|---|
| a. pagkakapatiran | c. kalayaan | e. simulain |
| b. pagkakapantay-pantay | d. paghihimagsik | f. pagtutulungan |

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Batay sa binasa mong teksto, "Pagsibol ng Simulain ng Paglaya, Pagkakapantay-pantay at Pagkakapatiran", anu-anong kaisipan ang maiuugnay mo sa pamagat?

Panuto: Piliin sa loob ng kahon sa dakong ibaba ang mga salitang kaugnay ng pamagat ng teksto sa loob ng bilog. Gumamit ka ng sagutang papel.

A.




| | | |
|---|---|---|
| kalayaan | pagkakapantay-pantay | pagkakapatiran |
| karangyaan | teknolohiya | pagsulong |
| pagbabago | demokrasya | korupsyon |
| hustisya | modernisasyon | pagkakaisa |
| kaunlaran | | |

Panuto: Isulat ang *Tama* sa patlang kung tama ang kaisipan ng pahayag batay sa paksa at *Mali* kung mali ang kaisipan batay sa pahayag.

________ 1. Sa isang pamahalaang monarkiya tulad ng Francia, ang mga namumuno ay pangulo ng bansa.

________ 2. Ang pagkagarote ni Marie Antoinette ay tanda ng tagumpay ng mga mamamayan ng Francia.

________ 3. Bago pa naganap ang himagsikan sa Francia, nagnanais na ng pagbabago ang mga mamamayan sa Francia.

________ 4. Ang tanging layunin ng himagsikan sa Francia ay paglaya ng mga mamamayan sa mapang-aping pamamahala ni Haring Louise XVII.

________ 5. Ang pamahalaan at simbahan ay dalawang sektor ng lipunan na nagpahirap sa mga mamamayan sa Francia.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Kamalayang Panlipunan sa Teksto

Naniniwala ang mga may sosyolohikal na pananaw na mahigit ang ugnayan ng panitikan at ng panahong nagluwal dito. Binibigyang-diin dito ng ganitong pananaw na ang pagtalakay sa kaligirang panlipunan na pinagmulan ng akda ay nagpapalalim at nagpapalinaw sa mga paksang tinalakay.

Hindi raw nagmula sa kung saan ang akda. Ito raw ay iniluwal ng isang tiyak na lugar at sa isang partikular na panahon o kabihasnan. Ang panahong ito ay nagtataglay ng mga kilos at saloobin na siyang pinagkukunan ng mga kilos at saloobin na makikita sa akda. Sa ganitong paraan, magtutuon din ang sosyolohikal na pagbasa sa mga pagtugon o reaksyong iniuukol ng manunulat sa panahong lumikha sa kanyang sining.

**Magsanay Ka…**

Suriin mo ang teksto sa paglalarawan nito sa isang tiyak na lipunan.

Panuto: Lagyan ng ✓ (tsek) ang pahayag na naglalarawan ng lipunang tinalakay sa teksto. Sagutin mo ito sa ikaapat na bahagi ng papel.

________ 1. Mapayapa ang buhay ng mga mamamayan.

________ 2. Ang bawat isa ay naghahangad ng reporma o pagbabago sa pamahalaan.

________ 3. Namamayani ang katarungang panlipunan sa bansa.

________ 4. Ang mahirap ay lalong naghihirap. Ang mayaman ay lalong yumayaman.

________ 5. Laganap ang di makatarungang pagbabayad ng buwis.

**d. Halagang Pangkatauhan**

Sa panahon ng masamang pamamahala ng isang lider ng bansa, sumisibol sa puso ng bawat mamamayan ang paghahangad ng pagbabago.

Kung ikaw ay isang mamamayang naghahangad ng pagbabago para sa iyong bansa, paano mo ito gagawin?

Panuto: Bilugan mo ang bilang ng mga pahayag na naglalahad ng mga dapat mong gawin kung nais mo ng pagbabago sa lipunang iyong kinabibilangan. Sagutin mo ito sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Sa akin muna dapat magsimula ang pagbabago. Iwawaksi ko ang masasamang gawa.

2. Bata pa ako para maghangad ng pagbabago sa lipunang kinabibilangan ko.

3. Mag-aaral akong mabuti nang makatulong ako sa pagsugpo ng kamangmangan sa lipunan.

4. Iiwasan ko ang masamang bisyo na sumisira sa lipunan.

5. Hahayaan ko na lamang sa mga lider ang pagkilos upang mabago ang lipunan. Baka mapahamak pa ako.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

**4. Palalimin Mo…**

Panuto: Ibigay ang hinihingi ng pahayag sa loob ng dayagram.
Piliin mo ang mga letra ng pahayag na naglalahad ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pangyayaring ito. Sagutin mo ito sa ikaapat na bahagi ng papel.

| Pagtutulad |
|---|
| 1. |
| |
| 2. |
| |
| 3. |
| |
| |

Paghahambing ng naganap kina Haring Louise XVI at Marie Antoinette ng Francia at Pangulong Marcos at Pangulong Estrada ng Pilipinas nang mag-alsa ang mga mamamayan.

| Pagkakaiba |
|---|
| 1. |
| |
| 2. |
| |
| 3. |
| |
| 4. |

Pagtutulad

a. Dumanak ang dugo bago sila naalis sa kapangyarihan.
b. Kapwa napaalis sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pag-aalsa ng mga mamamayan.
c. Napatay sila kapwa ng mga nagagalit na mamamayan.
d. Umabuso silang lahat sa kapangyarihan
e. Nawalan ng pagtitiwala ang mga mamamayan sa kanilang pamamahala.


| Pagkakaiba |
| --- |
| a. Mapayapang rebolusyon ang naganap sa Pilipinas.<br>b. Naging madugo ang pag-aalsa ng mga mamamayan sa Francia.<br>c. Dahil sa pagkakaisa ng mga mamamayan kaya nagtagumpay ang pag-aalsa sa kanila sa kapangyarihan.<br>d. Dumaan sa paglilitis sina Pang. Marcos at Pang. Estrada.<br>e. Agad hinatulan ng kamatayan ng mga mamamayan sina Haring Louise at Marie Antoniette. |

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

**5. Gamitin Mo…**

> Bilang isang mag-aaral, mahalaga na alam mo ang mga isyu na dapat pagtuunan ng pansin ng isang lider ng bansa upang maiwasan ang kaguluhan.

Panuto: Isulat mo sa patlang sa tabi ng bilog ang *PP* kung ang isyung nakapaloob dito ay isyung pampulitikal at *PL* kung ang isyung nakapaloob dito ay isyung panlipunan.



Iwasto mo ang iyong sagot.  Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin Mo…**

Buuin mo ang kaisipang may kaugnayan sa paksa ng teksto sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga salitang nasa loob ng kahon.

Gumamit ka ng kalahating bahagi ng papel sa pagsulat ng sagot.

1.

| |
|---|
| mahalaga pagkakaunawaan at nasasakupan mga sa ang namumuno mga ng kaunlaran bansa ng |

2.

| |
|---|
| Napagtatagumpayan ng pasakit nagkaisa nagtulungan hirap lahat at buhay ng kapag at ay |

**7. Lagumin Mo…**

Buuin ang pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng letra ng pahayag na angkop ang kaisipan.  (Piliin ito sa loob ng kahon.)

1. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, nakadama ako ng mga positibong damdamin tulad ng…

   a. galit sa mga lider ng bansa na umabuso sa kapangyarihan.
   b. Pagkatuwa dahil napatay ang isang masamang lider ng bansa.
   c. Pagkalungkot dahil sa mga nagaganap na kaguluhan sa maraming bansa.
   d. Pagmamalaki dahil ako ay Pilipino na kilala sa mundo sa pagkakaroon ng mapayapang rebolusyon.
   e. Pagkatakot dahil ayaw kong madamay sa mga pag-aalsa laban sa pamahalaan.

2. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, natutunan ko na…

   a. Dapat ipaglaban ang bayan upang maging mapayapa ang buhay.
   b. Hindi malilinlang sa habang panahon ang mga mamamayan.
   c. Dapat na gumamit ng dahas upang makamit ang ninanais.
   d. Mahalaga ang pagkakaisa upang mapagtagumpayan ang mga malalakas na nang-aapi ng kapwa.
   e. Hindi dapat makisangkot sa mga isyung pambayan dahil bata pa ako.

**8. Subukin Mo…**

Panuto:  Piliin sa dakong ibaba ang letra ng tinutukoy sa bawat pahayag.

1. Ito ang salin ng salitang <u>reporma</u> sa Pilipino.

2. Ang kamatayan ni Marie Antoniette ay <u>sagisag</u> ng tagumpay ng mga mamamayan. Saan nagmula ang sinalungguhitang salita?

3. Ang simbahan ay mahalagang sektor ng lipunan. Anong salita sa pangungusap ang nagmula sa wikang Ingles?

4. Ito ang pangunahing dahilan ng mga nagaganap na pag-aalsa sa buong daigdig.

5. Ito ang prinsipyong nagpapahalaga sa pagtutulungan ng mga mamamayan.

6. Kapag nadama ito ng mga mamamayan, magsisimula na silang mag-alsa.

7. Sa pananaw na ito, ang pinagtutuunan ng pansin ay ang mga pangyayari sa lipunan.

8. Isa ito sa mga sakit ng lipunan na madalas paksain sa mga akdang panlipunan.

9. Ito ang bagay na madalas ginagawang halimbawa kapag pinahahalagahan ang pagkakaisa at pagtutulungan.

10. Di ito dapat tularan ng tao na ayaw makiisa at makisangkot.

| | | |
|---|---|---|
| a. isla | d. sosyolohikal | g. kalayaan |
| b. sektor | e. walis | h. fraternidad |
| c. pangangamkam ng lupa | f. wikang Filipino | i. gutom |
| | | j. pagbabago |

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

**9. Paunlarin Mo…**

Gagawin mo lamang ito kapag ang iskor na nakuha mo sa pagsubok ay <u>5</u> pababa. Kung ang iskor mo naman ay <u>6</u> pataas, huwag na.

Panuto: Magbigay ng mga patunay na ang mga simulain ng paglaya, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran ay naganap na rin sa ating bayan sa panahon ng rebolusyon sa EDSA.

Piliin at isulat ang letra ng mga patunay na ito na nasa loob ng kahon. Sagutin mo ito sa sangkapat na bahagi na papel.

Prinsipyo o simulain ng paglaya, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran sa Pilipinas

1. ________________________

2. ________________________

3. ________________________

a. Pag-aalsa laban sa Batas-Militar
b. Pag-aalsa ng mga sundalo sa Oakwood Hotel
c. Pag-iistrayk ng mga empleyado
d. Pagpapatalsik kay Pangulong Estrada
e. Pangingidnap ng mga Abu Sayaf

# IV. Aralin 3. Impluwensiya ng Kabataang Karanasan

**A. Anu-ano ang Mga Tiyak Mong Matututunan?**

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nakikilala ang bisa ng pag-uulit-ulit ng mga salita, pantig o letra sa kabuuan at kasiningan ng akda

2. Nasusuri ang akda batay sa kaugnayan nito sa karanasan ng sumulat

3. Natutukoy ang mga bagong kaalamang natututunan sa pagbasa ng akda (bisang pangkaisipan)

4. Naisasabuhay ang magaganda at mabubuting ugali tulad ng:
   a. pagkamakabayan    c. pagtitiwala sa sarili
   b. mapagbigay

5. Naisusulat ang mga paraan kung paano maipapakita sa gawa ang magaganda at mabubuting ugali tulad ng pagkamakabayan, pagtitiwala sa sarili at pagiging matulungin sa kapwa.

## Mga gawain sa pagkatuto

**1. Alamin Mo…**

Sa pagsulat ng isang akda, ang karanasan ng manunulat ay maaaring maging batayan ng paksang lilinangin niya sa kanyang isusulat. Maaaring malapit sa kanya ang mga karanasang iyon sapagkat naranasan niya nang kusa. Maari namang ang mga karanasang iyon ay abot lamang ng kanyang paningin sapagkat karanasan ng kanyang kapwa na personal niyang nasaksihan.

Ang sumusunod ay mga karanasan ng isang tao na nakaimpluwensiya nang malaki sa uri ng pamumuhay niya sa kasalukuyan.

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang maaaring maging bunga ng mga karanasang binanggit sa bawat bilang. Gumamit ka ng sangkapat na bahagi ng papel.

1. Naging masunurin siyang anak.
2. Pinalaki siya nang may disiplina ng kanyang mga magulang.
3. Naging masikap siya sa kanyang pag-aaral.
4. Nagsisimba silang mag-anak.
5. Tinuruan siya ng kanyang ina ng mga gawaing bahay

a. Hindi siya kumuha ng katulong sa bahay dahil alam niyang lahat ang mga gawaing bahay.
b. Nakatapos siya ng isang kurso na pinagkakakitaan niya sa kasalukuyan.
c. Isa siyang mabuting ama/ina sa kanyang mga anak.
d. Tinuruan niya ng disiplina ang kanyang anak.
e. Itinuro niya sa kanyang mga anak ang mga salita ng Diyos.
f. Pinagsilbihan niya ang kanyang mga anak.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang tekstong babasahin mo ay may kaugnayan sa Pagsasanay na sinagot mo.

Sa pagbabasa nito, unawain mong mabuti ang mga kaalamang napapaloob dito. Naglalaman ito ng mahahalagang impormasyong kinakailangan mo upang maunawaan ang aralin.

Handa ka na ba?

Sige, simulan mo na

**2. Basahin Mo…**

Bagama't walang malaking batayan o pagpapatotoo na ang mga karanasang inihanay ni Rizal sa kanyang nobelang Noli Me Tangere ay hango sa kanyang mga pansariling karanasan, masisilip pa rin natin ang ilang mga tiyak na kaisipang nakapaloob sa nasabing akda na may kaugnayan sa ilang mga tala na nagsasaad ng malapit na karanasan ni Rizal higit ay noong kanyang kabataan. Ilan sa mga ito ay nakapaloob na rin sa kanyang mga akda. Isa-isahin natin ito.

IMPLUWENSYA NG KABATAANG KARANASAN

A. SA AKING MGA KABATA

Ito ay isang maikling tula na nagpapahayag ng matimyas na kalooban ni Rizal kung paano maitataas ng kanyang mga kababayan ang karangalan ng kanilang pagkalahi. Ito ay ang pagkakaroon ng pagmamahal sa isang tiyak at sariling wika. Sa nabanggit na akda ay hinikayat ni Rizal ang kanyang mga kababata na huwag talikuran ang kagandahan ng kanyang salita na tulad din ng ibang salita sa daigdig ay nagtataglay ng kagandahan at kaningningan.

Sa tulang SA AKING KABATA ay malinaw na masasalamin ang ibayong pagmamahal sa bayan ng batang si Rizal. Hinahangad niya ang pagkakaroon ng pagkakaisa. Pagkakaisang matatamo lamang kung ang bawat isang Pilipino ay matututong magmahal sa kanyang sariling wika.

B. ANG ALAMAT TUNGKOL SA TSINELAS

Ito ay isang maikling kwento tungkol sa pagtatamo ni Dr. Rizal ng isang kaisipang higit na malayo kaysa kanyang gulang. Habang namamangka ay nahulog ang isa niyang tsinelas.

Sa halip na umiyak, kinuha ang isa pa at saka itinapon. Nagwika pa rin ito na “Kung may makakakuha ng isa lamang, hindi niya iyon magagamit. Kung dalawa ang makukuha, magiging kapaki-pakinabang sa makakukuha”.

Sa sanaysay tungkol sa nawalang isang tsinelas ay masasalamin natin ang matimyas na pagmamahal ng batang Rizal sa kanyang mga kababayan. Sa kabila ng pagmamahal sa isang bagay, kung kailangang ipagkaloob ito sa iyong kapwa, huwag mo itong ipagkait. Hindi pakikinabangan ng makakapulot ang isang pirasong tsinelas. Hindi rin niya pakikinabangan ang naiwan sa kanya. Kaya minarapat niyang itapon na rin ang naiwan sa kanya.

C. ANG SANAYSAY TUNGKOL SA BATANG GAMUGAMO

Ito ay isang sanaysay na nasa anyong pabula. Bago pa lamang lumilipad ang batang gamugamo. Naakit ito sa liwanag na dala ng apoy. Nalaman iyon ng ina. Pinagsabihan nito ang batang gamugamo na huwag lalapit sa apoy. Ngunit ang pang-akit ay nanatili sa isip ng batang gamugamo. Nanaig ang kanyang kagustuhan at sinunod niya ito. Lumapit siya sa ilaw hanggang sa unti-unting matupok ang kanyang pakpak at malagutan ng hininga.

Ang ikatlong akda ay nagpapakilala kay Rizal na nagkaroon ng hindi angkop na pagkilala. Ang lumutang ay ang kawalan ng magandang-asal ng batang gamugamo na kaya napahamak ay hindi sumunod sa kanyang ina. Hindi lumutang sa kaisipan ng mga mambabasa ang magandang katangian ng isang kabataang Pilipino.

Huwag matakot suungin ang ano mang kapahamakan. Ang batang gamugamo ay isang larawan ng kabataang Pilipino na nagtataglay ng laman ng pansariling kaisipan. Magpasya nang ayon sa kayang sariling kagustuhan.

Kung susuriin natin ang nobelang Noli Me Tangere, makikita natin sa mga kabanata nito ang mga kaisipang lumutang sa kabataan ni Dr. Jose Rizal.

Hango sa: "Noli Me Tangere, Isang Pampanitikanang Pagtingin;" ni A. Cabuhat Leo – Ross Publication

**3. Linangin Mo…**

a. Pagsusuring Panlinggwistika

| Pag-uulit-ulit ng mga salita, pantig o letra |
| --- |
| Ang pag-uulit-ulit ng mga salita, pantig o letra ay isang istilo sa pagsulat ng isang akdang pampanitikan. Layunin nito ay upang maipakita o maipadama ang kasidhian o kaigtingan ng damdaming namamayani sa akda.<br><br>Hal. Mahal na mahal, patakbu-takbo, nag-iibigan |

Panuto: Isulat ang **S** sa patlang kung ang inulit na may salungguhit ay salita. **PN** kung pantig at **L** kung letra.

1. Mahal na mahal ni Rizal ang kanyang kapwa Pilipino. Pati buhay ay inialay niya para sa kapakanan ng bayan.

2. Sa kanyang tulang, " Sa Aking Mga Kabata", damang-dama ang pagpapahalaga niya sa wikang Filipino.

3-4. Nang mahulog ang isang tsinelas ni Rizal, inihulog din niya ang isa pa. Katwiran niya hindi na mapakikinabangan ng makakakuha kung ito ay nag-iisa.

5. Sa sanaysay ni Rizal tungkol sa batang gamugamo, naakit ang gamugamo sa liwanag ng ilaw. Palipad-lipad itong umikot sa lampara, nasunog siya at namatay.

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Isulat ang **T** kung sa palagay mo ang mga pahayag ay nagpapakita ng impluwensya ng mga naging karanasan ni Rizal sa kanyang mga akda, at **H** kung hindi.

1. Nagkaroon ng diperensya sa paningin ang ina ni Rizal kaya nag-aral ito ng panggagamot. Ito ang dahilan kung bakit nilikha niya ang katauhan ni Basilio na nag-aaral ng pagka-manggagamot.
2. Marubdob ang pagmamahal ni Rizal sa wikang Filipino kaya itinuring niyang mabaho at malansang isda ang lalapastangan dito. Malinaw itong naipakita sa kanyang tula.
3. Dahil sa siya ay isang Pilipino, isinulat ni Rizal ang isang kabanata sa El Filibusterismo na tumatalakay sa pagtatayo ng akademya ng wikang Kastila.
4. Ang pagiging maawain ni Rizal tulad ng ipinakita niyang pagnanais na makatulong sa kapwa sa Alamat ng Tsinelas ay maliwanag na nakita sa kanyang nobela nang ilimos ni Maria Clara sa pulubing ketongin ang kanyang agnos.
5. May masayang kabataan si Rizal, kaya marahil ay nilikha niya ang katauhan ni Elias na lumaki sa isang kapaligirang puno ng pighati.

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Ayon kay Plato, dapat na maging tungkulin ng panitikan ay magbigay ng kaliwanagan at karagdagang kaalaman. Ayon pa rin sa kanya, dapat na <u>magturo</u> at <u>magpaliwanag</u> ang panitikan.

Ang binasa mong teksto ay nagbigay sa iyo ng maraming impormasyon. Makikita mo ang mga impormasyong ito kapag sinagot mo ang pagsasanay.

Panuto: Piliin mo ang letra ng impormasyon o kaalamang binabanggit sa pahayag. Piliin mo ito sa loob ng kahon.

1. Ito ang pinahahalagahan sa tula ni Dr. Jose Rizal, “Sa Aking Mga Kabata”.
2. Sino ang tinutukoy na “kabata” ni Rizal sa kanyang tula?
3. Ginawa ni Rizal sa isang tsinelas na hindi nahulog sa ilog.
4. Nangyari sa batang gamugamo nang hindi nito sinunod ang utos ng ina na huwag lumapit sa apoy.
5. Dahilan kung bakit isang pabula ang sanaysay tungkol sa batang gamugamo.

| | |
|---|---|
| a. hayup ang tauhan at nagbibigay ng aral | c. nasunog at namatay |
| b. wikang Filipino | d. inihulog |
| e. kabataang Pilipino | f. kababata niya sa Calamba |

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi ng Pagwawasto na nasa iyong guro.

### d. Halagang Pangkatauhan


Panuto: Isulat ang P kung positibo ang sumusunod na mga pahayag at M kung negatibo.

1. Ang pagiging makabayan ay maipakikita kapag hindi mo pinag-aralan ang wikang Ingles.
2. Mapatutunayan mong may tiwala ka sa sarili kapag nagawa no ang lahat ng bagay, mabuti man o masama.
3. Ang pagiging tunay na matulungin ay maipakikita kung tuturuan mong maghanapbuhay ang iyong kapwa.
4. Ang tunay na pagtitiwala sa sariling kakayahan ay sa pamamagitan ng pag-iwas sa masamang gawa.
5. Maituturing na pagtulong sa mga pulubi ang pagbibigay ng limos sa kanila.


### 4. Palalimin Mo…

Panuto: Piliin sa loob ng bilog ang letra sa pahayag na naglalaman ng kaisipan na napapaloob sa mga sumusunod na akda ni Dr. Jose Rizal.


a.




b.




c.



a. Marangal ang lahing kayumanggi
b. Di dapat matukso sa ganda ng isang bagay
c. Bawat isa ay makatutulong sa kanyang kapwa sa kanyang maliit na kaparaanan
d. Isipin nang mabuti ang lahat ng gagawin
e. Ang damdamin ng pagkamakabayan ay maaaring sumibol sa ano mang gulang ng tao
f. Ang pagtulong sa kapwa ay walang pinipiling panahon
g. Ang ikararangal ng isang lahi ay nasa kanyang mga mamamayan
h. Ang pagsunod sa magulang ay tanda ng anak na magalang

**5. Gamitin Mo…**

Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na tulungan ang iyong kapwa, paano mo ito gagawin?

Panuto: Buuin ang sumusunod na pahayag sa pamamagitan ng pagpili ng salita sa loob ng kahon na bubuo sa kaisipan nito.

1. Bibigyan ko ng _____________ ang taong tutulungan ko. Habang buhay niya itong mapapakinabangan at hindi ito mananakaw.

2. Tuturuan ko siyang _____________ upang matustusan niya ang lahat ng pangangailangan niya.

3. Bibigyan ko siya ng _____________ upang mabili niya ang lahat ng pangangailangan niya.

4. Ibibigay ko s kanya ang mahalagang ____________ ko upang may mapaghingahan siya ng problema.

5. Bibigyan ko siya ng isang mabuting ____________ upang may umakay sa kanya sa tamang landas ng buhay.

| | | |
|---|---|---|
| kaibigan | oras | hanapbuhay |
| edukasyon | pera | pagkain |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**6. Sulatin Mo…**

Panuto: Ayusin ang mga sumusunod na salita upang mabuo ang kaisipang kaugnay ng aralin:

1. Tungkulin, Kristiyano, bawat tumulong kapwa sa ng ang

2. nawawasto landas sumusunod magsilang payo ang ng anak na sa

3. kaloob langit ng Filipino wikang ang

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**7. Lagumin Mo…**

Buuin ang pahayag sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa angkop na kaisipan.

1. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, nalaman ko na ______________
   a. marami pala akong dapat tulungan.
   b. dapat pala akong makinig sa pangaral ng magulang ko.
   c. marami palang paraan ang pagpapakita ng pamamahal sa bayan.
   d. di pala dapat mag-aral ng ibang wika maliban sa wikang Filipino.

2. Matapos kong mapag-aralan ang aralin, nakadama ako ng ______________
   a. mapalad ako kaysa sa iba
   b. pagmamalaki dahil ako ay Pilipino
   c. pagsisisi dahil madalas ay sinusuway ko ang aking mga magulang
   d. pag-ayaw na manirahan sa Pilipinas dahil mahirap na bansa ito

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin Mo…**

Panuto: Piliin ang letra ng wastong sagot sa loob ng kahon.

1. Sa tulang, "Sa Aking Mga Kabata," hinangad ni Dr. Jose Rizal ang _____.

2. Ayon pa rin sa tula, makakamit lang ang hinahangad ni Rizal kung matututong _________ sa kanyang wika.

3. Sa sanaysay tungkol sa nawalang tsinelas, masasalamin ang __________ni Rizal sa kanyang kababayan.

4. Ang magandang katangiang napapaloob sa sanaysay na Batang Gamugamo ay huwag matakot na gawin ang kanyang ___________.

5. Itinapon ni Rizal ang naiwang kapiraso ng ___________ upang mapakinabangan ito ng makakakuha.

| | | |
|---|---|---|
| a. magustuhan | c. magpapahalaga | e. pagkakaisa |
| b. tsinelas | d. pagmamahal | f. pagtatagumpay |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Paunawa: Kapag ang iskor mong nakuha sa Gawaing Pagsubok ay 6 pataas, huwag mo nang sagutin pa ang bahaging ito. Ibig sabihin ay napag-aralan mo nang maayos ang aralin. Kung 5 pababa naman ang iskor mo, gawin mo ang bahaging ito. Ibig sabihin ay kailangan mo pa ang dagdag na gawain sa pagkatuto.

**9. Paunlarin Mo…**

Panuto: Isulat sa ilalim ng pamagat ang mga katangian ni Rizal na maliwanag na ipinakita sa kanyang mga akda. Piliin ang mga ito sa loob ng kahon. Isulat ang sagot mo sa sangkapat na bahagi ng papel.

| 1. Sa aking Mga Kabata | 2. Alamat ng Tsinelas | 3. Alamat ng Gamugamo |
|---|---|---|
| a. ________________ | a. _________________ | a. __________________ |
| b. ________________ | b. ________________ | b. __________________ |

| | | |
|---|---|---|
| makabansa | maka-Pilipino | mapagsubok |
| mapusok | mapagkawanggawa | makatuwiran |

## *Gaano Ka na Kahusay?*

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng wastong sagot. Isulat mo ang sagot mo sa kalahating bahagi ng papel.

1. Isang _________ mithiin ni Rizal na magkaisa ang mga Pilipino.
   Alin sa mga sumusunod na salita ang pinakawastong gamitin upang ilarawan ang salitang mithiin?

   a. banal    c. mabuti
   b. dakila    d. wasto

2. Ang mga kababaihang kapanahon ni Maria Clara ay tinatakpan ang bibig ng panyolito kapag tumatawa.
   Ang panyolito ay mula sa wikang __________.

   a. Kastila    b. Filipino    c. Intsik    d. Ingles

3. Ang pagmamalupit ng mga frayle sa Pilipino ay damang-dama nila.
   Piliin mo sa loob ng pangungusap ang salitang inuulit.

4. Sa anong bahagi ng kasaysayan ng bansa naganap ang malawakang pangangamkam ng lupa?

   a. Panahon ng pananakop ng mga Amerikano
   b. Panahon ng pananakop ng mga Kastila
   c. Panahon ng pananakop ng mga Hapon
   d. Panahon ng pananakop ng mga Intsik

5. Ang pilosopiya ng paglaya, pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay ay nakarating sa Pilipinas nang:

   a. magkagulo sa Francia
   b. mabuksan ang Suez Canal
   c. masakop ng dayuhan ang bansa
   d. mamatay si Ninoy Aquino

6. Si Rizal ay tunay na nagpapahalaga sa edukasyon kaya't nagtapos siya bilang manggagamot.
   Ang pagpapahalaga niya sa edukasyon ay naipakita niya nang likhain niya ang katauhan ni _____________ na nag-aral sa Europa.

   a. Pilosopo Tasyo
   b. Pari Damaso
   c. Maria Clara
   d. Ibarra

7-10. Panuto: Isulat ang <u>P</u> kung ang pahayag ay <u>positibo</u> at <u>N</u> kung <u>negatibo</u>.

7. Kung gustung-gusto mo ang isang bagay, hingin mo ito sa maayos na paraan.

8. Upang madaling makamit ang isang mithiin, dapat mo itong daanin sa dahas.

   9-10 Lagyan ng ✓ (tsek) ang pahayag kung ang diwa ay angkop sa mga tinalakay na aralin, at × (ekis) kung hindi

9. Ang karalitaan at kamangmangan ay mga sakit ng lipunan na umiral ng panahon ng pananakop.

10. Isyung pulitikal ang pag-aagawan sa kapangyarihan nang mga frayle at gobernador heneral nang panahong iyon.